MGA KARAPATAN NG MGA MAGULANG AT MGA BATA SA ESPESYAL NA EDUKASYON

Kung ang iyong anak ay kasalukuyang hindi tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, nabigyan ka ng brochure na ito dahil hiniling mo na ang iyong anak ay tatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon o dahil naniniwala kami na ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ay maaaring kailanganin. Ang aming karaniwang layunin ay tiyakin na natatanggap ng iyong anak, kung mayroon man, ang libreng programa ng free appropriate public education ("FAPE") (libreng naaangkop na pampublikong edukasyon) na kailangan niya. Upang maisakatuparan ang layuning ito, gusto naming suriin ("pagsusulit") ang iyong anak upang tukuyin at idokumento kung ang iyong anak ay may anumang mga kapansanan at, kung gayon, upang matukoy kung at aling mga programa at serbisyo ng espesyal na edukasyon ang kinakailangan. Gagamitin sa mga pagsusulit na ito ang mga materyales at pamamaraang partikular na pinili para sa iyong anak at hindi isasama ang mga pangunahing pagsusulit o pamamaraan na karaniwang ginagamit para sa lahat ng mga mag-aaral sa loob ng klase, baitang, o paaralan. Ang pagsusuring ito ay isasagawa nang mahigpit ayon sa mga kinakailangan ng batas ng Pederal at Estado. Pagkatapos ng pagsusuri, ibibigay namin sa iyo ang kumpletong mga resulta at aanyayahan ka na lumahok sa isang pulong ng pangkat ng pagiging karapat-dapat upang matukoy kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Kung ang iyong anak ay karapat-dapat, hihilingin namin sa iyo na tulungan kaming bumuo ng individualized educational program ("IEP") (Programang Pang-indibidwal na Edukasyon) at tukuyin ang mga pansuportang serbisyo na naaayon sa mga pangangailangan ng iyong anak. Kung gusto mo, maaari mong hilingin sa iba na dumalo sa pulong ng IEP .

Kung ang iyong anak ay tumatanggap na ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, ang polyeto na ito ay ibinibigay dahil kailangan naming gawin ito isang beses bawat taon, dahil sa unang pagkakataon sa taong ito ng paaralan ay humiling ka ng pagdinig sa angkop na proseso o iimbestigasyon sa reklamo ng Estado, dahil nagmumungkahi kami ng pagbabago ng pagkakalagay ng pandisiplina, o dahil humiling ka ng kopya.

Inaasahan sa prosesong ito ang iyong aktibong pakikilahok at pakikipagtulungan. **Walang sinuman ang may pagkakataong makilala ang iyong anak nang higit pa sa iyo**. Nagbibigay din ang batas ng mga pamamaraan upang matulungan kang tiyakin na ang iyong nagawa ay isinasaalang-alang. Bilang karagdagan, ang batas ay nagtatatag ng mga paraan para sa iyo na tumutol sa aming mga panukala o pagtanggi at magkaroon ng walang kinikilingan na tao na lutasin ang anumang mga hindi pagkakaunawaan. Ang malawak at kumplikadong bungkos ng mga karapatan na ito, na ipinagkaloob ng mga batas sa espesyal na edukasyon ng Pederal at Estado, ay karaniwang tinatawag na "mga pananggalang sa pamamaraan." Ang layunin ng brochure na ito ay bigyan ka ng pangkalahatang-ideya ng mga karapatang ito. Ang mas kumpletong paliwanag ay makukuha mula sa iyong lokal na distrito ng paaralan o sa Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada.

KUNG SAAN MAKAKUHA NG KARAGDAGANG TULONG

Ang iyong lokal na distrito ng paaralan ay ang unang hintuan para sa karagdagang tulong at impormasyon. Dapat kang makipag-usap sa guro ng iyong anak o punong-guro ng paaralan, sa iyong lokal na direktor ng distrito ng paaralan ng espesyal na edukasyon, o superintendente ng distrito ng iyong paaralan. Maaari ka ring makipag ugnay sa:

Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada sa Tanggapan ng Inklusibong Edukasyon